Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 24, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO – Nasa Lakad Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

### KAPASIYAHAN BLG. 129-T'07

**KAPASIYAHANG INILILIWAT SA KGG. EDGAR S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA, ANG KAPASIYAHAN BLG. 024-T'07 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR BILANG PAGSUPORTA SA KAPASIYAHANG MAPAGKALOOBAN NG MAAYOS NA PADALUYAN NG TUBIG (REINFORCED CONCRETE PIPE CANAL) SA AGUINALDO ST., SITYO 1 - PHASE 1 AT PHASE 2 NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

SAPAGKA'T, nangangailangan ng isang matibay na pahayag ng pagsuporta sa Kapasiyahan Blg. 024-T'07 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur ayon sa hinihingi ng Tanggapan ng Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna para sa pagbibigay-katuparan sa nilalayon ng kapasiyahan ng barangay;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Romulo A. Elca, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHANG: Iliwat sa Kgg. Edgar S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, ang Kapasiyahan Blg. 024-T'07 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur bilang pagsuporta sa kapasiyahang mapagkalooban ng maayos na padaluyan ng tubig (reinforced concrete pipe canal ) sa Aguinaldo St., Sityo 1- Phase 1 at Phase 2 ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Edgar S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, at Sang. Brgy. Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan